



Kapag naihandang hapunan, simulan ninyo ito bago kayo magdasal na dasal na Maghrib, at huwag kayong magmadali sa inyong (pagkain ng) hapunan))

Ayon kay Anas bin Malik-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag naihandang hapunan, simulan ninyo ito bago kayo magdasal nang dasal na Maghrib, at huwag kayong magmadali sa inyong (pagkain ng) hapunan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ibig sabihin ay kapag nailatag ang pagkain at dumating ang oras n pagdarasal, simulan ninyo ang pagkain bago kayo magdasal, kahit ang dasal na ito ay may maikling oras, at may limitadong panahon, katulad ng dasal na Maghrib, Nang sa gayon ay hindi maabala ang pag-iisip ng nagdarasal sa pagdarasal, dahil sa pagkain. Sinabi ni Abu Darda: Kabilang sa kaalaman ng Tao, ang pagtugon niya sa pangangailangan nito upang matugunan niya ang pagdarasal nito na ang puso niya ay walang laman. Isinaysay ni Imam Al-Bukharie buhat sa kanya bilang komento.

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10876>

